# Oras na ng Pag-uwi

*Joseph C. Eco, EdD*

Mag-aalas-kwatro na, ang orasan ay tila nagpapabatid.
Nagpapaalalang oras na pamamahinga,
Pagtatapos at pag-uwi sa madaling salita.
Matatapos na ang araw ng pagod,
Titigil na rin ang bibig sa kasasalita,
Magpapahinga na.
Oras na ng pag-uwi sapagkat
Mag-aalas kwarto na pala.
Bibitawan na ang mga pamamaalam,
Sabay magbibigay ng ilang takda.
Uuwi na sa pamilyang naghihintay,
Sa anak na gustong arugain
At sa maybahay ng piniling kapayapaan.
Oras na ng pag-uwi.
Higit sa oras ay paalalang may bukas pa naman.
Maaring matapos ang araw ngunit maaari ding ituloy.
Hamon ng buhay ay maaaring ipagpabukas
Kung hindi kayang gapiin sa kasalukuyan.
Buhat sa lahat, oras na ng pag-uwi.